Magkakaroon sa wakas ng Kalipunan ko ng mga taong magsasanaysay sa inyo ng [ḥadīth na] hindi nakarinig kayo ni ang mga magulang ninyo, kaya naman kaingat kayo sa kanila."}

Ayon kay Abu Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Magkakaroon sa wakas ng Kalipunan ko ng mga taong magsasanaysay sa inyo ng [ḥadīth na] hindi nakarinig kayo ni ang mga magulang ninyo, kaya naman kaingat kayo sa kanila."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na may lilitaw na mga tao sa wakas ng Kalipunan niya, na gagawa-gawa ng kasinungalingan at magsasabi ng hindi sinabi ng isa kabilang sa mga taong bago nila, saka magpapabatid sila ng mga ḥadīth na ipinagsinungaling at ginawa-gawa. Kaya naman nag-utos sa atin ang Propeta (sumakanya ang basbas at ang pangangalaga) na lumayo tayo sa kanila, huwag tayong makisalamuha sa kanila, at huwag tayong makinig sa mga ḥadīth nila upang hindi makintal ang ginawa-gawang ḥadīth na iyon sa mga sarili para mawalang-kakayahan tayo sa pagwaksi niyon.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65076